Isaisip Natin

Ang Pangungusap at ang Dalawang Bahagi Nito

Ang pangungusap ay salita o lipon ng mga salitang may buong diwa. Ito ay may dalawang bahagi – ang simuno o paksa at ang panaguri.

Tandaan ang pangungusap ay nagsisimula sa malaking titik at nagtatapos naman ito sa wastong bantas.

- Simuno o Paksa
  - bahaging pinag-uusapan sa pangungusap
  - nakikilala ang mga ito sa pamamagitan ng panandang si/ sina at ang/ang mga

  Halimbawa: Ang mansanas ay kulay pula.
  Nakasuot ng pulang bestida si Anna.

- Panaguri
  - bahaging nagsasabi tungkol sa simuno o paksa ng pangungusap

  Halimbawa: Ang mansanas ay kulay pula.
  Nakasuot ng pulang bestida si Anna.

- Parirala – ang tawag sa lipon ng mga salitang hindi buo ang diwang ipinahahayag.

  Halimbawa: buto ng abokado
  lumaki at namunga